

NABIGONG SABWATAN SA BOGUS NA ELEKSYON!

Bago ang lahat;

Taas-kamao at pinakamataas na pagpupugay ang ipinapapaabot ng ating Unyon – TMPCWA, sa lahat ng mga manggagawang sumuporta sa atin noong ika-16 ng Pebrero. Isang di-matatawarang tagumpay ang ating muling nakamit dahil ating nabigo ang mga garapal na magkakasabwat at hindi nakapanaig sa kabila ng gipitang panahon na inilaan nila sa atin para sa ating paghahanda at kampanya. Tuloy-tuloy na magpukaw, mag-organisa at magpakilos ng mga kasamahan natin hindi lamang sa loob ng pagawaan kundi maging sa labas ng pagawaan. Paliwanagan natin ang ating mga kasamahan na kung sakaling maantala na naman ang pagkakaroon ng CBA sa ating hanay ay hindi tayo ang may kasalanan.

NAPAKARUMI, PUNUNG-PUNO NG DAYAAN ANG BOGUS NA CERTIFICATION OF ELECTION!!

Nadaig pa ang pagdaraos ng isang national o local election sa mga naging kaganapan kahapon. Nagmistulang mga “tradisyunal na pulitiko” ang mga opisyaes at mga galamay ng dilawang unyon ng TMPCLO na nangagako ng mga “instant” katahimikan, CBA sa mga manggagawa kapag sila daw ang manalo sa eleksyon. Samantalang sa labas ng pabrika ang ating mga kasamang iligal natinanggal ay sumisigaw ng katarungan at hustisya. Inilalantad din ang lansakan at karumal-dumal na sabwatan at dayaan na nagaganap sa eleksyon.

Hindi makakapagdiwang ang mga magkakasabwat na TMPC-TMPCLO-TMPCLU-DOLE at AIWA sa resulta ng eleksyon na kung saan kahit pa nakalamang ng boto ang TMPCLO kaysa TMPCWA hindi hindi pa rin sila nanalo sa eleksyon dahil hindi nila inabot ang simpleng mayorya ng balidong bumoto (hindi nila nakamit ang 50% + 1 na valid vots cast). Hindi rin ito ipinaliliwanag ng TMPCLO sa kanilang inilabas na polyeto dahil hindi nila matanggap sa kabila ng lansakang pandaraya at sabwatan ay hindi sila nagtagumpay. Dag-dag pa na may mga reklamo at protesta tayo ng lansakang pandaraya ng sabwatang DOLE-Toyota-TMPCLO na inirehistro natin na sa sobrang dami n gating naitala ay ikinagimbal ng magkakasabwat.

Para maunawaan ng lahat ang ayaw ipakita at hindi kayang sagutin ng TMPCLO na mga tanong ng ating kamanggagawa ay ating ipapaliwanag at ililinaw:
Masdan ang Chart na Resulta ng Bogus na CE:

TMPCLO	424
TMPCWA	237
NO TO UNION	8
SPOILED	15
CHALLENGE VOTERS	121 (102 STA. ROSA) + (19 G.T. TOWER)
CHALLENGE VOTERS (ILLEGALLY DISMISSED)	89
TOTAL	894

Ilang punto ang ating linawin:

Nanalo ba ang TMPCLO dahil sa nakalamang ng kaunti sa TMPCWA, tulad ng kanilang ipinagsisigawan na tagumpay nila?

Katulad ng nabanggit sa itaas, hindi nanalo ang TMPCLO dahil hindi nila nalampasan ang kalahati ng kabuoang bilang ng mga bumoto. Ayon sa batas para ideklara kung sino ang nanalo sa isang CE dapat makuha nya ang isang simpleng bilang ng mayorya. Hal; ang kalahati ng 894 ay 447, samantalang ang boto lamang ng TMPCLO ay 424, para manalo kailangan ay 448 na boto. Batay dito nabigo itong makamit ng TMPCLO. Kaya malinaw na hindi nanalo ang TMPCLO.

Bakit ipinapaliwanag ng TMPCLO na sa loob ng 5 araw daw kung hindi mag-aapela ang TMPCWA ay May CBA na?

Ito ay isang malaking panloloko, mina-mind set na naman tayo ng TMPCLO, para ibunton sa TMPCWA ang sisi kung walang magaganap na CBA. Kung ang pagbabatayan ay batas sa usapin ng CE, malinaw ang nakalatag na batayan sa Chart at ang naipaliwanag sa itaas, na kung hindi sila ang nanalo papaano sila magsi-CBA? Dagdag pa, nais gamitin ang usapin na pagkatapos na ibunton ang sisi sa TMPCWA, ang susunod na gagawin ng TMPCLO, ay idahilan na ang TMPCWA ang magpapatagal ng CBA. Samantalang nuon pa man ay nananawagan na ng pagsusulong ng CBA ang TMPCWA at hindi ng bagong eleksyon. Dahil kung ang TMPCWA ang muling nakapanaig sa ikalawang pagkakataon ay hindi na magiging komplikado ang tatakbuhan ng mga kaso. Wala ng maidadahilan pa

ang ganid na kapitalistang Toyota para talikuran ang kanyang obligasyon. Magkakaroon din ng kaunting katahimikan sa loob at labas ng ating pagawaan.

Ano ang magiging katayuan ng TMPCWA dahil 237 lang ang boto?

Katulad pa rin ng Dati, tayo pa rin ang nag-iisang Sole and Exclusive Bargaining Agent sa lahat ng rank and file, dahil hindi naman natin iniwan ito kahit pa tayo ay lumahok sa eleksyon. Hindi rin simpleng 237 ang bilang ng boto ng TMPCWA, dahil ito ang tunay na mulat ang pampulitikang kamalayan na sya ngayong banta sa Toyota na hindi natakot sa mga panggigipit ng Toyota at nanindigan para iboto ang tunay na unyon ng mga manggagawa. Katunayan taas noo silang nakakapaglakad sa harap ng kahit sino pa man. Hindi tulad ng TMPCLO na hindi makangiti ang mga nagpupusturang mga lider at lulugo-lugo.

Ano na ang naging aksyon ng TMPCWA?

Bago pa man maumpisahan ang bilangan ng mga boto, nakahanda na ang pagpa-file ng protesta ng ating unyon laban sa kaganapan ng bogus na eleksyon, tulad ng harassment ng ating pangulo sa kamay ng DOLE at ng manedsment na si Aligada, mga katiwalian, mga lantarang dayaan. Isinulat natin sa minutes ang protesta ng unyon kalakip ang siyam na pahinang naitala nating lansakang pandaraya at sabwatan, ito ay pormal na ipapasa natin bago matapos ang 5 limang araw na palugit, matapos ang eleksyon noong ika-16 ng Pebrero. Tayo, at ang mga kaalyadong organisasyon sa lokal at internasyunal ay tuloy-tuloy ang magiging mga paglalantad at protesta sa naganap na eleksyon.

Sino ba ang makikinabang habang walang naganap na CBA sa hanay ng rank ang file?

Ang kapitalistang Toyota at ang kanilang mga naging instrumento sa pagsusulong ng isang bogus na eleksyon ang tiyak na makikinabang. Limpak-limpak na tubo na naman ang tiyak na kakamalin ng Toyota manedsment. Tiyak na may "gantimpala" ang mga taong nagpagamit para sa pagsusulong ng TMPC, ng isang napakaduming taktika, para lamang wasakin ang tunay na unyon. Kasama rin ang mga tiwaling kawani ng inutil na DOLE, sa kanilang paglalabas ng mga makaisang panig na desisyon kaya natuloy ang isang bogus na eleksyon.

Ano ang panawagan ng TMPCWA?

Hindi dapat na panghinaan ang mga kamanggagawa natin na nanindigan, walang takot at taas noo, na ibinoto ang TMPCWA, DAHIL TAYO ANG TUNAY NA NAGTAGUMPAY.

Para sa mga Challenge Voters, hindi na sana dapat maulit pang muli ang naganap noong matapos ang unang eleksyon, na gagamitin ng kapitalista ang inyong pusisyon para lamang pabuksan ang inyong mga boto para sa interes ng kapitalista. Tulad ng balita na nakarating sa ating pamunuan ng ipatawag na naman ni Aligada ang mga level 5 pataas para kausapin.

Hinihikayat ng TMPCWA na suportahan na lamang ang isinusulong na CBA ng TMPCWA. Umaagaw lang ng eksena ang TMPCLO dahil na rin sa desenyong kapitalista.

Ang sabwatan ng TMPC-DOLE-TMPCLO-TMPSU-AIWA-MERO ang dapat na pagtuunan ng mga pagkokondena. Dahil ang mga maaring maganap ngayon pagkatapos ng "bogus" na eleksyon ay ibabaling sa atin ang kanilang mga kasalanan. DAHIL ISANG MALAKING BANTA SA KANILA ANG NAGING BOTO NG TMPCWA SA LOOB NG TOYOTA.

Tuloy-tuloy at Sama-sama nating pagtibayin at pahigpitin ang ating pagkakaisa para sa pagkakamit ng hustisya at katarungan sa mga pagkakait ng kapitalista sa ating mga batayang karapatan.

Mabuhay ang mga manggagawa!

Mabuhay ang Uri!

**TOYOTA MOTOR PHILIPPINES CORPORATION
WORKERS ASSOCIATION (TMPCWA)**

Ika-20 ng Pebrero 2006